# Murmuray

*Will P. Ortiz*

Ito ang paulit-ulit kong bangungot: Nasa madilim akong daan, disoras ng gabi. Dahil sa dilim, hindi ko makita ang mga paa ko. Wala pa akong tulog sa hindi malamang dahilan. Hinahanap ko ang daang pauwi sa amin. Hinihintay ako ng Mama ko sa bahay. Wala siyang kasama. Wala siyang kasama. Nagpa-panic na ako. Pamilyar pero hindi pamilyar ang lahat ng daanan ko. May mga taong nakatingin sa akin, parang nagbabanta. Lalapitan nila ako. Hindi ako makaalis sa kinatatayuan. Gigising akong mabigat ang pakiramdam.

Nagkatotoo ang takot ko, isang linggo bago ang lockdown. Naglalakad ako sa dilim, alas tres iyon ng madaling araw, walang tao. Wala akong tulog nang higit sa dalawampu't apat na oras dahil sa pagbabantay sa nanay. Walang makuhang sasakyan. Nilakad ko mula sa amin, dalawang kilometro ang layo ng ospital. Sabi ng pribadong ospital na sobrang laki at siguro limang taon pa lamang na naitatayo, "Wala kaming ambulansiya." Sinabi nila ito sa akin matapos paghintayin ng dalawampung minuto. Gumagapang ang galit sa buong katawan ko. Itinuro nila ako sa barangay. Wala akong makuhang Grab car. .Matagal nang sira ang sasakyan ko. Tulad ko, dysfunctional ang cellphone ko at nagpa-panic. Iniwan ko sa bahay ang Mama ko na humihiyaw na sa sakit. Hindi maigalaw ang kanyang katawan sa sobrang sakit kaya kinakailangan ng stretcher at ambulansiya.

Tinakbo ko ang Barangay Hall na 1 kilometro ang layo. Tinititigan ko ang daan para hindi ako masilat sa mga uka ng kalye o madapa sa nakausling bato. Mahirap na kung madapa pa ako at hindi makarating sa

pupuntahan. Pero dahil na rin sa takot, nadapa pa rin ako at naitukod ang kamay na dati nang may diperensiya dulot rin ng disgrasya. Walang kwenta ang muling pagkadisgrasya ng kamay. Konting pagpag at takbo ulit. Mas maingat.

Pagdating ko sa barangay, may dalawang taong nasa labas. Nagtanong ako kung may ambulansiya. Kagila-gilalas ang sumunod na pangyayari. Mabilis nila akong inasikaso. Walang red-tape! Alam ng lahat ng Pinoy na ang red-tape kapag may emergency ay sobrang kahindik-hindik at kakila-kilabot kaysa sa pinagsama-samang hilakbot sa panonood ng demonyong madre sa *The Conjuring*, ang umiikot na ulo ng batang sinapian sa *The Exorcist* o si Sadako sa *The Ring* na lumalabas sa iskrin ng TV.

Dalawa lang ang tanong ng dispatcher, una, ano ang address n'yo? Nang masagot ko, iniradyo niya itong kaagad at pagkatapos, itinanong ang pangalawa habang naghahandang pumunta sa amin ang ambulansiya, ano ang lagay ng pasyente sa ngayon? Matapos ko iyong sagutin nang tipid at pinunto ang mahalaga, sinabihan akong umuwi na at abangan ang ambulansiya.

***Ang Clue ng Stiletto Heels***

Dumating ang ambulansiya sa tapat ng aming bahay sa loob lang ng 10 minuto. Nahirapan ang mga volunteer aide ng ambulansiya sa pagbaba sa Mama ko dahil sa sobrang ingat na hindi makanti. Dinala namin siya sa malaking pribadong ospital na una kong pinuntahan. Muli kaming bumalik sa ospital na pribadong ito dahil na rin sa lapit nito sa amin. Ni hindi sumagi sa isip ko, na mukhang foreshadowing ng mangyayari sa amin ang ginawa nila sa aking pagpapahintay ng 20 minuto bago sabihin sa aking wala silang ambulansiya. Sa emergency, kabado kaming naghihintay. Umaga na iyon. Namimilipit pa rin sa sakit ang nanay namin. Makalipas ang marahil labinlimang minutong pagtibok ng pusong mabilis, dumating ang isang doktora na pusturang-pustura, makintab ang kinulayang caramel brown na buhok, naka-make up na parang may pupuntahang party. Mag-a-alas siete pa lang iyon ng umaga. Tiningnan niya ang chart ng kanyang pasyente, nagtanong ng standard na mga tanong, ano ang nararamdaman, kailan

naramdaman, i-describe ang sakit na nadarama. Habang nagtatanong siya, napaupo ako sa bakanteng silya ng ER, at napansin ko ang kanyang sapatos. Stiletto heels iyon na kulay silver na may pink at silver studs. Pinakuhanan niya ng dugo ang nanay ko. Nagtagal kami ng kalahating araw bago ang *diagnosis* na *osteoarthritis*. Sinaksakan lang si Mama ng tramadol. 20K na 'yon.

Parang may mali doon sa sinabi ng doktora na naka-stiletto heels. Pero sino naman ang maysabing di ka pwedeng mag-stiletto heels sa emergency room? Pero sa isip ko, nakikita ko sina Dr. Doug Ross (George Clooney) sina Dr. Mark Green, Nurse Carol sa television series na ER. Walang naka-stiletto. Sa *House,* sina Dr. Gregory House at Dr Liza Cuddy, hindi kailanman sila nag-stilleto. Kung kumilos sila sa pelikula, ang panahon ay esensiyal. Walang sandaling sayang. Dito sa atin, lahat ng panahon, sinasayang. Sayang at di ako nanood ng *Grey's Anatomy* pero palagay ko wala ring naka-*6 inch-heels* doon. Clue ang stiletto na may mali sa diagnosis. Mukhang di sila nagtatrabaho sa ER.

Sa madaling sabi, nakauwi kami kaagad ayon sa diagnosis ng stiletto heels doctor. Dahil minanhid ng tramadol ang nararamdaman ng nanay ko, mukhang ayos naman siya. Napansin kong parang bata siyang masaya na kagagaling sa pamamasyal. Side effect ito ng tramadol, sabi ko sa isip ko. Pero hindi na ako nag-check muna sa internet dahil sa pagod na parang nakadagan sa buong katawan ko at parang walang kakayanan ang utak ko na magpasok ng impormasyon.

Hindi pa ako nakakatulog noong gabi ring iyon na nanggaling kami sa ospital nang makita kong tulala ang Mama ko. Wala nang *response* mula sa kanya kahit na yugyugin. Sa panahong ito, malakas na ang usapan tungkol sa COVID at ang lockdown. Hindi ko iyon pinansin dahil hindi pa ako nakakatulog nang halos tatlong araw na. Idlip-idlip lang. Hindi pwedeng matulog dahil kailangang maghanap ng lunas. Para itong sa *Ibong Adarna,* hindi dapat matulog kundi maiiputan sa ulo ng mahiwagang ibon at magiging bato. Kailangang gising.

Ambulansiya ulit. Matapos kaming tanggihan ng tatlo pang ospital dahil walang espasyo at ICU, nakarating kami sa isa muling pribadong

ospital. Magaling si Dra. Go na sa isang tingin, nakutuban niya ang problema. Meningitis. Pinapirma niya kami ng kapatid ko ng form na nagsasabing bigyan na si Mama ng lunas bago pa ang kumpirmasyon ng mga test. Tama siya. Mahalaga ang bawat minuto. Ang doktorang ito ay espesyalista sa pampublikong ospital sa Makati kaya't makaranasan. Nagbigay siya ng tamang diagnosis, bago pa nakuha ang mga test. Mura doon ang babayaran ng mga senior citizen. Pero iba sa ospital na pinagdalhan kay Mama. Sinabihan niya akong ang gamutan sa ospital na iyon ay aabot marahil ng P800,000 hanggang 1M. Nanatili pa rin kami sa ospital dahil mahirap ang palipat-lipat at dahil na rin sa kawalan ng tulog, hindi rin lohikal ang mga pagpapasya. Inabot kami ng apat na araw doon. Ang apat na araw ay inabot ng 250k.

Tama ang payo niya at lumipat kami sa isang ospital kung saan naroon ang kamag-anak naming doktor. Mabuti na lamang at hindi naka-stiletto si Dra. Go.

***Ang Maynila sa Kuko ng COVID***

Sa panahong ito, tumitimo na sa utak ko na hindi lamang ang banta ng pagkahawa sa meningitis ang problema kundi ang banta rin ng COVID. Hindi pa tapos ang lunas. Naka-NGT (nasogastric tube) pa ang Mama. Maraming hindi natatandaan. Marami ring mga problemang lumabas dulot ng mga gamot, tulad ng problema sa kidney at liver. Nagpipilit ding makaalis ng kanyang higaan. Tulad ng dati, wala pa rin kaming tulog.

Umuwi muna ako ng bahay bago ang lockdown. Humalili ang manang ko. ("Manang" ang tawag ko sa ate ko dahil unang wika ko ang Ilokano bago natutuhan ang Tagalog.) Bago iyon, namili muna ako ng gamot at supplies para sa kanila, face mask, gloves, tissue, hydrogen peroxide, sabon, tubig, tinapay, prutas. Walang face mask at wala na ring gloves. Masakit na ang talampakan ko sa layo ng mga nilakad para makabili lamang. Kinabahan kami dahil mahalagang naka-gloves kaming caregiver niya upang di mahawa sa sakit ng Mama. Plastik labo ang ginawa naming kapalit. Ito yung karaniwang plastik na transparent pero walang bitbitan.

Sa daan, swerteng nakasakay kaagad ako ng dyip. Hindi ganun ang danas ng marami. Mula Blumentritt hanggang Novaliches, puno ng tao ang paligid, parang sindami ng mga taong namimili isang araw bago mag-Pasko nang wala pang banta ng pandemya. Kahit ang mga busina ay nagpapanik din, nambibingi ng teynga at nagtatangkang sumingit sa utak ng bawat taong nasa daan. Kinukumutan na ng takot ang buong Maynila.

Sa mga panahon ding ito, nabubuhay ako sa text at tawag ng mga kaibigan. Para itong malinaw na tubig sa tulad kong naligaw at uhaw. Minsan wala nang lakas na sumagot pero binabasa ko ang bawat salita.

Pagkauwi, napansin kong namayat ang mga alaga naming pusa. Nararamdaman rin nila ang unti-unting pagbaba ng lungkot sa loob ng bahay. Madalas na wala silang kasama sa gabi. Pinakakain lamang sa umaga ng kaibigang napakiusapan. Nakatulog ako sa tabi ng mga alaga. Basa ang unan ko nang magising. At hindi iyon dahil sa laway o ihi ng alaga. Nagising ako sa text na kailangan ng kapatid ko ng kahalinhin kaagad. Bukod pa sa mga bilin na wala nang dexamethasone sa Mercury Drug at iba pang drugstore na malapit sa ospital.

Walang masakyan. Marami akong kinausap na taong may sasakyan pero walang sinumang nagtatangkang umalis. Sa tingin ko'y kayang makaalis pero namumuo na sa puso ang takot. Hanggang mapakiusapan ko si Thea, kaibigan at kasama sa trabaho na mag-drive papunta sa sentro ng Maynila. Walang tao sa kalye noon. Magalang naman ang mga naka-fatigue sa checkpoint na laging nagtatanong kung saan kami papunta. Pinalulusot naman ang mga kailangang magpunta sa ospital.

Sa loob ng ospital, naroon pa rin ang daing ng Mama ko sa kung anu-anong sakit sa katawan, sa kabila ng napakaraming mga gamot at pain reliever. Kasabay ng kanyang mga daing ang sirena sa labas na hudyat ng curfew. Nagkatinginan kami ng nars, sabi niya, "Grabe, para tayong nasa pelikulang *The Purge Anarchy*." Ang plot ng pelikula—legal na binibigyang-laya ang bawat mamamayan na pumatay ng sinuman, isang beses isang taon. "Tapos bigla tayong lulusubin dito ng mga naka-maskarang tao…" sagot ko sa kanya. Nagkatinginan kaming muli at nagtawanan sa kabila ng mga takot. Iyon ang una kong halakhak simula nang magpabalik-balik sa ospital. Nagmula ang tawang iyon sa loob.

Sa labas ng ospital ng Tondo, parang binalutan ng semento ang puso ng mga pulis upang masagkaan ang kilos ng mga tao. Karaniwang ang target ay yaong mga taong kumikita ng arawan, mga maliliit na maninida ng sari-sari sa kalye, mga pedicab drayber, mga kargador, 'yung mga pasabit-sabit lang ng trabaho para may makain. Sila yung nasaksihan kong pinaaalis ng kalye. Sila na mahihirapang kumain kapag di kumita sa loob ng isang

araw. Parang sinisino ng estado ang uunahing gutumin. Napako lang ako sa pagsaksi. Ang loob ko, hindi mapakali.

Ramdam na ramdam ko ang hirap ng walang masakyan kapag nangangailangang bumili ng gamot sa malalayong lugar. Nagbabayad ako nang malaki para lamang makapag-arkila ng sasakyan. Ang kuya ko ay nagbibisikleta tungo sa iba't ibang drugstore. Kahit na ano pa ang danas ko, masuwerte pa rin kahit pano na may pambayad sa mga batayang pangangailangan. Nabawasan ng pagkaing maaaring bilhin, nagsara ang Chow King, Jollibee, mga karinderya, maging ang canteen ng ospital, kaya't humumpak ang pisngi naming magkapatid na bantay. Tanging mansanas, saging at buko ang nakita ko sa daan. Naging fruitarian kami nang di sinasadya.

Mag-iisang buwan nang sapilitan kaming umalis ng ospital sa payo na rin ng Tito namin. Iba rin talaga kapag may kamag-anak na nagmamalasakit. May dalawang COVID patients na inadmit sa ospital. At mas makabubuti na umuwi na kami habang nagpapagaling si Mama. Tutal, wala na siyang meningitis. At nabalita pang tumakas ang isang COVID patient at di nila alam kung saan nagpunta. Kinikilabutan ang mga nars na nagkukuwentuhan sa lobby nito.

Inuwi namin si Mama mula sa ospital na naka-NGT at oxygen. Alas siyete iyon ng gabi at dapat sanang matrapik. Noong panahong iyon, dire-diretso kami mulang ospital hanggang sa bahay. Sa mga normal na araw, aabutin ng 3 oras ang biyahe. Walang halos sasakyan. Walang halos tao. Naulila ang daan na para bang may mangyayaring malagim. Na parang mayroong magaganap na mga summary execution kaya't lumikas na ang mga tao o nagkulong sa bahay na parang sa mga pelikulang dystopian, naalala kong muli ang *The Purge*.

### *Anghel*

Pagdating sa bahay, namuroblema na naman kami dahil wala nang mabiling stethoscope at kailangan iyon sa tuwing pakakainin ang Mama. Sa pagtatanong, nakahiram kami sa kapitbahay ng stethoscope. Hindi pa rin tapos ang aberya kinabukasan.

Nang maubos naman ang oxygen, tinulungan kami ng traysikel drayber sa pangangalampag ng tindahan ng oxygen. Ayaw magbenta dahil daw disoras na ng gabi. Nang makita ng barangay tanod ang kuya kong medyo nagwawala na sa harap ng tindahan, tinulungan sila nitong pabuksan iyon at nakabili kami. Matapos ihatid ang mabigat na oxygen, Nawala na lamang ang drayber at di na nagpabayad. Mga anghel silang hindi inaasahan sa gitna ng pandemya.

### *Murmuray*

Bedridden pa rin si Mama habang isinusulat ko ito. Mag-iisang taon na. Wala na siyang NGT. Wala na ring nakakabit na oxygen. Hindi siya nakakatulog nang maayos sa gabi. Mag-iisang taon na pero wala pa rin kaming makuhang caregiver dala ng kawalan ng mobilidad. Wala pa rin kaming masyadong tulog ng Manang ko.

Walang nagsabi sa akin nito—na ang pangangalaga ng mahal sa buhay na nangangailangan ng 24 oras na pagbabantay ay pagdanas din ng depresyon at matinding kalungkutan, galit, at kawalang-pag-asa. Kaakibat kasi ito ng kawalan ng tulog, kawalan ng oras, kawalan ng malusog na katawan at utak.

Minsan, tinawag ako ni Mama ng alas dos ng madaling-araw. Kakatulog ko pa lamang sa pag-asikaso sa kanya. Sa pagitan ng pangagalaga ang mga responsibilidad na dapat gampanan—pagsusulat ng disertasyon; gawaing-bahay; pamamalengke sa mataong lugar; pagpila sa bangko; pagpila sa mga drugstore; pangangalaga ng alagang pusa; pag-aasikaso ng mga kailangan sa trabaho; pag-alalay sa mga estudyante; sa madaling salita pagkaburyong sa sandamakmak na papel sa buhay.

Mabilis akong bumangon dahil naalala ko ang isang pagkakataon na nagtangka siyang umalis ng higaan kahit hindi kaya at muntik nang mahulog at mapilayan. Nahilo ako sa mabilis na pagbangon, nagsalapid ang mga paa, at muntik nang pumalo ang ulo ko sa upuang narra. Mabuti at nakahawak ako sa upuan. Daplis lang sa noo. Napaupo ako sa panghihina, nanghihingi lang ng tubig ang Mama ko.

Naalala ko rin ang pagmamadali nang tawagin ako ng Mama isang gabi. Natapakan ko si Obi Wan, ang kuting na sipunin at patpatin na inampon ko sa gitna ng COVID. Mabuti at hindi todo ang pagkakatapak ko pero medyo nagpilay-pilay siya. Nilagyan ko siya ng castor oil habang nagdarasal na huwag siyang mamatay. Walang bukas na vet sa amin. Hindi ko siya madadala sa malayo. Kapag namatay si Obi, alam kong magdadalamhati ako nang matagal. Nakabangon ang kuting at malaki na ngayon. Simula noon, pinagsabihan ko ang sarili kong di dapat magmadali.

Noong mga bata pa kami, kapag ginigising sa pagpasok sa eskuwela, lagi kaming sinasabihan nito, "Agmurmuray ka pay lang. Di ka agdardaras." Sa Tagalog, "Magmurmuray ka muna. Huwag kang magmamadali." Ang murmuray ay salitang Ilokano na walang katumbas sa Tagalog. Parang "letting the consciousness come back, before getting out of bed." Pabalikin ang malay bago tuluyang bumangon. Para may wisyo. Upang hindi matumba. Upang magawa ang nararapat nang hindi masungit o nagdarabog. May kasabihan nga ang mga Tagalog na "Magbiro ka na sa lasing, wag lang sa bagong gising." Kasi nga hindi pa naka-murmuray. Wala pa ang kaluluwa. Baka namasyal pa ayon sa mga babaylan.

Minumuni kong hindi lamang ito pagbabalik ng literal na malay ng kagigising kundi pagbabalik din ng kaluluwa. Pagbabalik ng kaluluwa na likas na mabuti, likas na nagpapasigla, likas na nagpapabalik ng puso at diwa, mapagpatawad, matuwid, nagpapaginhawa.

Marami tayong nagbalabal ng takot sa pandemya. Marami tayong hindi pa naka-murmuray. Marami sa atin na parang tinakasan na ng kaluluwa. At inaamin kong nangyayari ito sa akin ngunit kapag ganoon, naaalala kong tumahimik at hinihimok kong magbalik ang nawawalang málay. Simple lamang ang teknik ng meditasyon pero mahirap ang

pagbabalik ng málay. Ang isang teknik ay pag-obserba ng paghinga. Walang iniisip na iba, hanggang mapayapa ang kaluluwa. Ang isa pang ginagawa ko, ang pagdinig ng tibok ng puso, nananahimik hanggang parang pati ang dugong dumadaloy rito ay naririnig ko. Nang minsang magawa kong tanggalin ang lahat ng pinagkakaabalahan ng utak ko, nawalan ako ng identidad. Walang kasarian, kulay, nakaraan. Tanging málay ang naroon. Tanging kaluluwa. Buo.

Sa mga *Buddhist*, ang kahulugan ng *Buddha* ay "the awakened one." Maláy siya sa kung paano isagwan ang bangka ng buhay na hindi tumatama sa mga bato. At kahit pa nga masilat ang bangka o mahulog sa talon, hindi matitigalgal ang Buddha. Gising siya. Tanggap ang anumang nangyari dahil bahagi ito ng agos ng buhay.

Sinabi ni Eckhart Tolle na ibibigay ng buhay ang kailangang danasin para sa pag-angat ng kamalayan o consciousness:

> "Life will give you whatever experience is most helpful for the evolution of your consciousness. How do you know this is the experience you need? Because this is the experience you are having at the moment." (41)

Mangyayari ang mangyayari at kung wala tayong kontrol dito, bakit maghihiyaw at magsisisipa ng bawat daanan? Ang tangi nating makokontrol ay sariling emosyon. At mula sa payapang loob, nasa tamang pagkakataon upang umaksiyon.

May kolektibong pagkabuang ang mundo ngayon. Dulot ng pananakot sa labas mula sa mga institusyon, mga tao, ekonomiya at loob—tákot na nanggagaling sa ating mga sarili. Dagdag pa sa atmospera ng pandemya ang banta sa kalayaang mag-isip at magpahayag ng opinyon.

Dama kong makakapamangka lamang tayo sa agos ng buhay kung maláy. Hindi tayo makakikilos kung nagpa-panic. Ngayon ko lamang nauunawaan kung bakit sa mga *emergency* sa eroplano, kailangang kabitan muna ang sarili ng *oxygen mask* bago ang iba. Hindi ka makatutulong sa kapwa kapag nasa estado ka ng tákot at pag-aalala, at sa oras na ibinigay

natin ang oxygen mask sa iba, sinapian na tayo ng tákot. Tákot na ang nagdedesisyon na manlulunod sa atin.

Sa panahon ng personal na trahedya at panlipunang pandemya, marami pa ring mga tao ang naka-murmuray. Hindi matatawaran ang ginawang pagtulong ng ambulansiya ng barangay, kasama ang drayber at volunteer na nars at aide. Ang malasakit ni Dra. Go, na hindi naman kailangang magsabi sa akin na ilipat ko ang aking ina dahil maaari akong mabaon sa utang sa ospital. Ang mga nars na nakikipagbiruan sa akin upang pagaanin ang mga agam-agam at pangamba. Ang traysikel drayber na naghatid ng oxygen tank nang walang bayad. Maaaring karaniwan na ito sa ibang tao ngunit para sa akin, napakataas ng antas ng pagtulong sa panahon ng emergency at kawalang-katiyakan ng pandemya, kinakailangan ng malay, kinakailangan ng pagbabalik ng kaluluwa. At ako, ipinaaalala ng mga karanasan ng takot ang paglikas ng kaluluwa, kaya't kailangang magmurmuray upang makapagsilbi sa iba.

Malayo pa ako sa estado ng buddha, o ng mga maláý na tao. Minsan kahit isang basong tubig, takót na ako dahil na rin sa malikot na imahinasyon, Pero kapag nalulunod ako sa iba't ibang tubig ng takot, hinahayaan ko lamang na manatili ito hanggang sa kusang umalis. Kinakaibigan ko ang aking tákot. Mas makakatulong ako sa mahal sa buhay at kapwa kapag hindi nagkukumahog at kalmado. Magmumuray ka, pabalikin ang malay, papasuking muli ang nawawalang kaluluwa, maging malay sa nagaganap sa kasalukuyan, huwag madaliin ang paggawa ng anumang bagay.

Araw-araw, ibinubulong ko sa sarili ang mantra ko. "Murmuray, murmuray, pabalikin ang málay."

**Sanggunian**

Tolle, Eckhart. *A New Earth: Awakening to Your Life's Purpose*. USA: Penguin Books, 2006.